IJAMS
INTERNATIONAL JOURNAL OF ADVANCED MULTIDISCIPLINARY STUDIES
Volume IV, Issue 10 October 2024, eISSN: 2799-0664

# Kakayahang Panggramatika sa Filipino ng mga Mag-aaral sa Pagsulat ng Sanaysay: Tungo sa Pagbuo ng Sanayang Aklat

**Nerissa N. Behhay**
Ifugao State University, Potia Campus
Alfonso Lista, Ifugao

**Felisa M. Aniceto**
Ifugao State University, Potia Campus
Alfonso Lista, Ifugao

**Hilda N. Immangdul**
Ifugao State University, Potia Campus
Alfonso Lista, Ifugao

**Carlos G. Longgat Jr**
Ifugao State University, Potia Campus
Alfonso Lista, Ifugao

**May Grace O. Ongan**
Ifugao State University, Potia Campus
Alfonso Lista, Ifugao

***Abstract*** — Ang pananaliksik na ito ay nakatuon sa pag-aanalisa ng kakayahang gramatika sa pagsulat sa Filipino. Ginamit ang mixed method sa pag-aaral upang alamin ang lebel ng kakayahang panggamatika ng mga respondente sa pagsulat ng sanaysay, gamit ang parehong kwantitatibo at kwalitatibong pananaliksik para sa mas komprehensibong pangangalap ng datos. Bukod dito, ginamitan din ng content analysis at sequencial explanatory na pamamaraan upang masuri at maipaliwanag nang mas malinaw ang mga datos na nakalap mula sa mga respondente na nagsilbing batayan sa pagbuo ng isang kagamitang pampagtuturo sa Filipino na makatutulong sa kaalamang panggramatika. Isinagawa ito sa Kolehiyo ng Edukasyon sa Ifugao State University, Potia Campus, Alfonso Lista, Ifugao na may siyamnaput' anim na mag-aaral na kumukuha ng Bachelor of Secondary Education medyor sa Filipino. Batay sa resulta, ang kakayahan ng mga mag-aaral sa gramatika ay nasa katamtamang antas, maliban lamang sa paggamit ng mga bantas na nakitang mahusay. Sa kabila ng kahinaan o pagkalito sa pagsulat ng sanaysay, ipinakita sa pakikipanayam na naging maparaan at nagsusumikap na malampassan ang pagkalito o kahinaan sa gramatika. Kahit ganun, ang kanilang determinasyon ang nagbigay inspirasyon para higit nilang pagtuunan ng pansin ang mga hamon sa pagsulat ng sanaysay, na naglalayong mapalawak ang kanilang kaalaman at kasanayan sa gramatika

## I. INTRODUCTION

Ang tamang paggamit ng gramatika ay isang pundamental na kaalaman na dapat matutuhan ng mga respondente. Malaki ang gampanin ng isang guro, sapagkat siya ay napakahalagang instrumento upang mapatatag ang mga tinuturuan maging sa wika at tamang pakikipagkomunikasyon. Sa kasalukuyan, napakahalagang pagtuunan ng pansin ang tamang paggamit ng balarila o mga patakaran ng gramatikal. Layon nito'y makatulong sa kanila na maging isang mas magaling na tagapagbahagi ng mga natutuhan (Rossiter, 2021). Ayon kay Cortez (2011), ang antas ng kakayahang gramatika ng mga respondente ay may kababaan kaya sinasabing mahalaga na magpokus sa Wikang Filipino sapagkat ito ang maaaring makasagot at lalong mapaunlad ang kakayahan ng mga tinuturuan. Napakahalagang paglaanan ng oras ang pagtuturo

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

nang masinsinan upang madaling maunawaan at gumawa ng paraan upang matuto nang tamang sulatin sa Filipino. Dapat malikhain ang isang guro sapagkat malaki ang kanyang maiaambag sa pagkatuto ng mga tinuturuan. Kailangan ipaunawa sa kanila ang kahalagahan ng pag-eensayo upang mapabuti ang kagalingan sa pagsulat gamit ang wastong gramatika. Napakahalaga na magkaroon ng malalim na kaalaman at kakayahang iangkop ang sarili sa mga pagbabagong nagaganap o kagamitan sa panahon ngayon upang matulungan ang mga tinuturuan. Ito'y isinasagawa sa paggamit ng mga makabagong pamamaraan sa pagtuturo, pagbibigay tuon sa mga batayang konsepto, at pagkakaroon ng mas malalim na kaalaman sa mga paraan ng pagkatuto. Sa ganitong paraan, ang guro ay maaaring maging epektibo na gabay at tagasuporta sa pag-unlad ng kanyang tinuturuan. (Villafuerte at Lakandupil, 2010; Rosuello at Funclara (2021). Ayon kay Magpantay na binanggit ni Delos Reyes (2021) sa guro nakasalalay ang paggamit nang wasto at angkop na paraan, magiging susi o daan ito upang masigurong magkaroon ng interes at aktibong pakikilahok sa talakayan. Dapat ding handa at maabilidad na makahanap o gumamit ng mga teknik o dulog na sumasang-ayon sa pag-unlad sa kakayahang pang-edukasyon. Nabanggit ni Misa (2021) mula sa pag-aaral ni Lee, sinasabing kapag ang isang tao ay may kagalingan o kaalaman sa wastong gramatika na nangangahulugan lamang na may maayos at angkop na dilibirasyon sa balarila lalo na sa larangan ng pagsusulat kasangkot dito ang kaayusan o organisasyon ng isang pangungusap tungo sa maayos at malinawan na pahayag. Malinaw namang inilahad nina Bisa, et al (2014) na napakaepektibo ang isang pahayag lalo na sa paggamit ng wastong gramatika sa isang sulatin at mas bigyang-pansin ang kahalagahan ng paggamit ng natural na istruktura nito. Sinasabi ring napakahalaga ang pagkasunud-sunod at angkop na posisyon ng bawat salitang magagamit sa pagsusulat sapagkat mahirap unawain ang damdamin ng bumabasa kung walang kawastuhan sa gramatika ang isang pahayag kaya't nararapat lamang na isaalang-alang ang wastong organisasyon o proseso ng paghahanay ng mga salitang magagamit sa isang pahayag. Natuklasan mula sa pag-aaral na ang estrukturang panggramatika ng wika ay dapat isaalang-alang upang makita kung paano nauugnay ang bawat pangungusap o salita sa pagsulat na ginamit (Lopez, 2020). Ang pukos nito ay mabuksan ang kamalayan ng mga mag-aaral sa kanilang kakayahan sa panggramatikang pagsulat ng isang sanaysay tulad ng paggamit ng tamang mekaniks ayon sa pagbabaybay, istruktura ng mga salitang nagamit, kaayusan ng mga pangungusap, kayarian ng mga nabuong pangungusap, mekaniks, maging ang lohikal na organisasyon at pagbabantas. Ang kaibahan ng pananaliksik na ito ay makapagbuo ng modyul na nakapokus sa gramatika na hinati sa dalawang bahagi: ang pangnilalaman at pangkayarian. Hangad na masagot ang mga tiyak na katanungan: (1) Ang antas panggramatikang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay sa Filipino, ayon sa: a. Pagbabaybay; b. Wastong gamit ng mga salita; c. Pagbuo ng Pangungusap; d. Wastong ayos ng Pangungusap; e. Kayarian ng Pangungusap; f. Paggamit ng wastong bantas; (2) Ang mga kahinaan at kakayahang panggaramatika; (3) Hamong nakaharap; (4) Maaaring malinang na kagamitang panturo para sa gramatikang Filipino.

**Literature Review**

Natuklasan nina Hayati, et al (2015) na may malaking ambag ang gramatika sa kagalingan o kakayahang makipagkomunikasyon ang mga tinuturuan at maganda rin ang naiaambag ng mga pagsasanay lalo na sa pagsulat ng konseptong papel ayon kay Anciete (2019) sapagkat nakita sa kanyang pag-aaral na mas napaunlad ng mga mag-aaral ang kasanayan sa gramatika kung may mga gawaing nakalaha. Batay naman sa panayam ni Zafra kay Atienza (2011)

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

Volume IV, Issue 10 October 2024, eISSN: 2799-0664

sinasabing nakatuon sa balarila ang unang baitang sa pagtuturo. Nasabing mahalagang maintindihan muna ng isang bata ang istruktura ng wika tungo sa epektibong pagsasalita ng mga ito sa Filipino (Misa, 2021). Ayon kina Resuello at Funclara (2021) sadyang nakatutulong at nakapagbibigay ng malawakang kaalaman ang pagbibigay ng mga gawaing panggramatika. Pinatunayan naman ni Wang, ayon kina De Guzman at Abagon (2021) mahalaga ang pagsasaulo o masteri sa balarila sapagkat ito ang pundasyon ng kahusayan at kasanayan sa komunikasyon. Ang kasalukuyang mga mananaliksik ay sumasang-ayon sa pahayag ni Wang sa kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral na nagpapakita ng kaalaman o kahusayan ng guro sa gramatika kung madaling matuto ang mga tinuturuan sa paraang pasulat o pasalita. Nabanggit ni Hymes (2002) hinalaw sa pananaliksik naman nina Arca, Epan, Gonzales at Minimo, (2014) dito binanggit ang kahalagahan ng pagkakaroon ng kasanayan o kahusayan sa balarila o gramatika sapagkat ito ang pundasyon sa pagtututo at pagkatuto ng mahusay na wika. Sinasabi pa na ito ang pinakaepektibong paraan upang matutuhan at sanayin ang mga mag-aaral sa pakikipag-ugnayan sa kapwa gamit ang wikang Ingles. Sadyang sinang-ayunan ni Peng (2007) sa teorya ng pagtuturo ng banyagang wika at mga pandulog o estratehiyang ginagamit sa patuloy na pagbabago at pagpapaunlad o paglinang sa kaalaman. Ayon kina Russel, et al (2006) napakahalaga ang wasto at piling estratehiya sa pagtuturo tungo sa maayos at organisadong gramatika at istruktura ng wika na sadyang makatutulong sa mga mag-aaral sa kanilang pagsasalita ng wikang banyaga. Ang pagpapaunlad ng kakayahang panggramatika ay mahalaga dahil ito ang pundasyon ng magandang komunikasyon. Ito rin ang magbibigay sa kanila ng kakayahang makipagtalastasan, magbuo ng mga sulatin, at makaharap sa mga akademikong diskurso. Ayon kay Uriarte (2019) ang pagbuo ng mga kagamitang panturo ay nakakatulong sa pagpapadali ng proseso ng pagtuturo. Kasama na rito ang paggamit ng modyul, na itinuturing na isang sistema ng pag-aaral na maayos at may malinaw na layunin, na binubuo ng mga aktibidad at pagsusuri batay sa mga kriterya ng pagtatasa ng kakayahan ng isang mag-aaral (Gillana, et al. (2023).

## II. METHODOLOGY

### Disenyo ng pag-aaral

Ginamit ang mixed method sa pag-aaral upang alamin ang lebel ng kakayahang panggamatika ng mga respondente sa pagsulat ng sanaysay, gamit ang parehong kwantitatibo at kwalitatibong pananaliksik para sa mas komprehensibong pangangalap ng datos. Bukod dito, ginamit din nag sequencial explanatory na pamamaraan upang masuri at maipaliwanag nang mas malinaw ang mga datos na nakalap mula sa mga respondente.

### Mga Respondente

Siyamnapu’t anim na respondente ang kasangkot sa pag-aaral na kumukuha ng Bachelor of Secondary Education medyor sa Filipino sa Kolehiyo ng Edukasyon.

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

**Ethical consideration**

Napakahalaga ang pagbibigay ng etikal na konsiderasyon, anumang uri ng pananaliksik bilang pagpapakita ng respeto o paggalang lalo na sa mga naturang respondente ng pananaliksik. Ang paggawa ng liham ng pahintulot bago ipamahagi ay isang maayos at etikal na pamamaraan upang mabigyan ng pagkakataon ang mga potensyal na respondente na maunawaan ang layunin ng pananaliksik, ang kanilang papel bilang kalahok. Ang pagturing sa mga etikal na aspeto ng pananaliksik ay nagpapakita ng pagiging responsable at maingat na mananaliksik. Ito ay naglalayong magtaguyod ng tiwala at respeto at magpakita ng dedikasyon sa pagiging responsableng tagapagtaguyod ng kahusayan at integridad sa larangan ng pag-aaral.

**Instrumentong ginamit sa Pag-aaral**

Naghanda ng mga talatanungan na siyang ginamit sa pagkuha ng mga datos sa antas na kakayahang panggramatika sa pagsulat. Ginamit din ang di binalangkas na pakikipanayam at pagpapasulat ng isang sanaysay, dito nalaman ang kahinaan, kakayahan at hamong nakaharap sa gramatika.

**Paraan ng Pangangalap ng Datos**

Ang paghahain ng liham na humihingi ng pahintulot sa Campus Director at Dekano ng College of Education ng pamantasan ay isang mahalagang hakbang sa proseso ng pananaliksik dahil nagpapakita ng paggalang at pagtugon sa mga etikal na alituntunin ng pananaliksik. Sa pamamagitan nito, malinaw na naipapahayag ng mga mananaliksik ang kanilang layunin, partikular sa pamamahagi ng mga talatanungan para sa mga respondente. Ang paghingi ng pahintulot sa mga kinauukulan ay sumasalamin sa pagiging responsable at maingat na mananaliksik at pagpapanatili rin sa kaligtasan, privacy, at kaginhawaan ng mga kalahok.

**Pagsusuri at Estatistikang Pagpapakahulugan sa mga Datos**

Ginamit ang frequency at weighted mean para sa lebel ng kakayahang gramatika. Ang pagpili ng tamang estatistikang paraan ay mahalaga sa pang-edukasyong pananaliksik dahil ito ang makapagbibigay ng matibay na konklusyon at paglalahat.

| **Iskala** | **Antas ng Paglalarawan** | **Saklaw** |
|---|---|---|
| 5 | Napakahusay | 4.50 – 5.00 |
| 4 | Mahusay | 3.50 – 4.49 |
| 3 | Katamtaman | 2.50 – 3.49 |
| 2 | Di-Gaanong Mahusay | 1.50 – 2.49 |
| 1 | Sadyang Di-Mahusay | 1.0 – 1.49 |

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

# III. RESULTS AND DISCUSSION

Makikita sa bahaging ito ang mga nakalap na datos at interpretasyon nito.

**1. Antas ng kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay sa Filipino :**
**a. Pagbabaybay**

**Talahanayan 1. Pagbabaybay**

| Pagbabaybay | Mean | Paglalarawan |
|---|---|---|
| Malawak ang kaalaman sa wastong pagbabaybay. | 3.35 | Katamtaman |
| May kaalaman sa mga alituntunin bilang gabay sa pagbabaybay. | 2.57 | Di-Gaanong Mahusay |
| Wastong gamit ng Ortograpiya: tamang paggamit ng mga letra, titik, at tunog sa wika. | 3.39 | Katamtaman |
| Nalilito sa mga salitang dapat ibaybay sa Filipino. | 3.30 | Katamtaman |
| Wastong pagbaybay ng mga salita, mga malakas at mahina | 3.38 | Katamtaman |
| **Kabuoang Mean** | **3.20** | **Katamtaman** |

Makikita sa talahanayan 1 ang kabuoang mean na 3.20 para sa antas ng kakayahang panggramatika sa pagsulat ng sanaysay sa bahaging pagbabaybay na may katumbas na katamtaman. Nangangahulugan lamang na nangangailangan pa rin ng gabay at pokus sa pag-aaral ang mga respondent sa wastong pagbabaybay. Pinatunayan lamang ni Aquino (2009) sa kanyang pag-aaral na dahil sa makabagong teknolohiyang ginagamit sa kasalukuyan, maraming mga kabataan ang nagkakamali gamit ang gramatika sa pagsulat lalo na sa pagbabaybay.

**b. Wastong Gamit ng mga salita**

**Talahanayan 2. Wastong Gamit ng mga Salita**

| Wastong Gamit ng mga Salita | Mean | Paglalarawan |
|---|---|---|
| Angkop ang mga salitang ginagamit sa pagpapahayag ng sariling opinyon, karanasan at kaalaman sa paksa. | 3.34 | Katamtaman |
| Nakapagbibigay ng mga salitang magkasingkahulugan-magkasalungat. | 3.39 | Katamtaman |
| Natutukoy ang wastong paggamit ng mga angkop na salita sa loob ng isang pangungusap. | 3.35 | Katamtaman |
| Nababasa at naisusulat ang mga salita ayon sa wastong gamit nito. | 3.30 | Katamtaman |
| Mahusay sa paggamit ng mga salita na binubuo ng klaster, diptonggo at ponemang malayang nagpapalitan. | 2.53 | Di-Gaanong Mahusay |
| **Kabuoang Mean** | **3.19** | **Katamtaman** |

Makikita sa talahanayan 2 ang kabuoang mean na 3.19 na may katumbas na katamtaman. Di man kababaan o kataasan ang bahagdan ngunit masasabi pa ring may kaalaman ang mga respondente sa tamang gamit ng mga salita sa pagsulat ng sanaysay. Indikasyon lamang na isa sa mga suliranin nito ng mga mag-aaral sa gramatika. Kumpara sa pananaliksik nina De Guzman at Abagon (2021), lumabas na mahusay ang kanilang mga mag-aaral sa paggamit ng wastong salita.

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

**c. Pagbuo ng Pangungusap**

**Talahanayan 3. Pagbuo ng Pangungusap**

| Pagbuo ng Pangungusap | Mean | Paglalarawan |
|---|---|---|
| 1. Nakabubuo ng pangungusap na malinaw at direkta sa pagpapahayag ng ideya o mensahe. | 3.38 | Katamtaman |
| 2. Naisasaalang-alang ang mga panuring na ginagamit sa modipikasyon ng pangungusap. | 3.35 | Katamtaman |
| 3. Nakabubuo ng mga positibo at negatibong pangungusap gamit ang iba't ibang uri ng pang-abay. | 3.19 | Katamtaman |
| 4. Nakapagpapahayag nang maikli, wasto at maayos na pangungusap na walang paksa. | 3.32 | Katamtaman |
| 5. Nakasusulat ng sariling pangungusap gamit ang wastong pananda sa pagpapahayag ng kilos. | 3.64 | Mahusay |
| **Kabuoang Mean** | **3.38** | **Katamtaman** |

Makikita sa talahanayan 3 ang kabuoang mean na 3.38, na may katumbas na katamtaman. Implikasyon nito na kailangan pang pagtuunan ng pansin, oras at tiyaga sa pag-aaral upang ang gamatikang Filipino ay buong husay na matutuhan o maisagawa ang wastong pagbuo ng pangungusap sa isang sulatin. Na sadyang may pagkakatulad sa pag-aaral ni Sibayan na binanggit ni Abante (2020) ang kahinaan ng mga respondente ng kanyang pag-aaral ay ang pagbuo ng pangungusap, pagbabantas at kaisahan ng kaisipan.

**d. Wastong ayos ng Pangungusap**

**Talahanayan 4. Wastong ayos ng Pangungusap**

| Wastong ayos ng Pangungusap | Mean | Paglalarawan |
|---|---|---|
| Nakasusulat ako ng pangungusap na nasa karaniwang ayos. | 3.40 | Katamtaman |
| Nakasusulat ako ng pangungusap na nasa di karaniwang ayos. | 3.33 | Katamtaman |
| Nauunawaan ko nang mabuti ang pagkakaiba ng karaniwan at di-karaniwang ayos. | 3.30 | Katamtaman |
| Walang o halos walang pagkakamali sa ortograpiya at gramatika. | 3.28 | Katamtaman |
| Hindi nasusunod ang estilo o sukatan sa pangungusap. | 2.91 | Katamtaman |
| **Kabuoang Mean** | **3.24** | **Katamtaman** |

Mula sa talahanayan 4 makikita ang kabuoang mean na 3.24 na may katumbas na interpretasyong katamtaman. Nangangahulugan lamang na mahalaga pa rin ang masinsinang pagsubaybay at pagbibigay-halimbawa upang lubos na maunawaan at nagagamit nang wasto ang tamang ayos ng pangungusap.

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

Volume IV, Issue 10 October 2024, eISSN: 2799-0664

**e. Kayarian ng Pangungusap**

**Talahanayan 5. Kayarian ng Pangungusap**

| Kayarian ng Pangungusap | Mean | Paglalarawan |
|---|---|---|
| 1. Nakabubuo ng isang maayos na pangungusap gamit ang mga bahagi nito. | 3.36 | Katamtaman |
| 2. Labis na malinaw ang pangungusap at walang kalituhan sa nabuong pangungusap. | 3.34 | Katamtaman |
| 3. Nakabubuo ng isang payak na pangungusap at isang sugnay na di makapag-iisa | 3.32 | Katamtaman |
| 4. Nakasusulat ng dalawa o higit pang sugnay na makapag-iisa at dalawa o higit pang di makapag-iisa. | 2.60 | Di-Gaanong Mahusay |
| 5. May malawak na baryasyon ng pangungusap na gumagamit ng iba't ibang anyo. | 3.28 | Katamtaman |
| **Kabuoang Mean** | **3.18** | **Katamtaman** |

Sa talahanayan 5, makikita ang kabuoang mean na 3.18 na may katumbas na interpretasyong katamtaman sa aspeto ng kayarian ng pangungusap. Ipinapakita nito na mahalaga pa rin ang gabay ng mga guro sa pagpapasulat ng sanaysay, lalo na sa paggamit ng iba't ibang kayarian ng pangungusap, kasabay ng pagbibigay ng mga konkretong halimbawa bilang batayan sa pagsulat.

**f. Paggamit ng Bantas**

Mababatid sa talahanayan 6 ang kabuoang mean na 3.41, na may katumbas na interpretasyong mahusay. Implikasyon nito na alam ng mga respondente kung kailan at paano gamitin ang angkop na mga bantas sa pagsusulat ng pangungusap, batay sa lumabas na pangkalahatang resulta. Katulad ito ng natuklasan sa pag-aaral nina Albuñan, et al (2019), na may berbal na interpretasyong “mahusay” na nagpapakita kung paano nakatutulong ang tamang paggamit ng bantas sa pagkakaroon ng kaliwanagan, kaugnayan at kaisahan sa mga pasulat na mga pahayag.

**Talahanayan 6. Paggamit ng Bantas**

| Paggamit ng Bantas | Mean | Paglalarawan |
|---|---|---|
| Nagagamit nang tama ang kuwit kapag nagsusulat. (,) | 3.77 | Mahusay |
| Tamang paggamit ng tuldok sa pagsusulat ng komposisyon at iba pa (.) | 3.56 | Mahusay |
| Hindi nalilito sa paggamit ng kudlit tuwing nagsusulat. (’) | 3.08 | Katamtaman |
| Madaling gamitin ang panaklong sa isang sulatin ( ) | 2.54 | Di-Gaanong Mahusay |
| Nagagamit nang tama ang tutuldok kapag nagsusulat. (:) | 4.11 | Mahusay |
| **Kabuoang Mean** | **3.41** | **Mahusay** |

**2. Mga kahinaan at kakayahang panggaramatika ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay**

**a. Kahinaang panggramatika ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay sa Filipino**

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

Narito ang kahinaang pangramatika ng mga mag-aaral na nasa unang taon (1st year) na kumukuha ng BSE medyor sa Filipino batay sa nabuong sanaysay.

| Blg. | Kahinaan | Blg ng Respondente |
|---|---|---|
| 1. | Wastong paggamit ng mga salita tulad ng dito, rito, raw, daw, ng at nang. | 13 |
| 2. | Kakulangan sa kaalaman sa tamang paggamit ng bantas tulad ng gitling, panipi, at tuldok kuwit. | 5 |
| 3. | May kahinaan sa pagbabaybay | 7 |
| 4. | Organisasyon ng mga pangungusap, at kulang sa paglalahad ng karanasan | 9 |
| 5. | Nahihirapan sa paggawa ng panimula at kung paano wakasan ang isang sanaysay. | 6 |
| 6. | Paggamit ng sugpong (Indention) o margin. | 4 |
| 7. | Paggamit ng panghalip at wastong paggamit ng panlapi | 7 |
| 8. | Paggamit ng wastong ponemang patinig at katinig tulad ng (o at u) | 5 |
| 9. | Paggamit ng malaking titik at maliit na titik. | 3 |

Makikita sa talahanayan na 13 respondente ang nahihirapan sa wastong paggamit ng mga salita tulad ng dito, rito, raw, daw, ng at nang. Samantala, tatlo lamang ang nahihirapan sa tamang paggamit ng malalaking titik at maliliit na titik. Nagpapatunay lamang sa pakikipanayam sa mga respondente, tumugma ang mga natuklasang kahinaan sa kinalabasan ng pag-aaral. Ang pangunahing suliranin sa pagsulat ng sanaysay ay ang wastong paggamit ng mga nabaggit na salita. Bukod dito, naitala rin ang kahinaan sa pagbuo ng panimula at kung paano maayos na wakasan ang sanaysay, paggamit ng wastong ponemang patinig at katinig tulad ng o at u, at tamang paggamit ng mga bantas gaya ng gitling, panipi, at tuldok-kuwit. Ipinapakita nito na may mga mag-aaral na nalilito o mahina sa wastong gamit ng gramatika sa pagsusulat. Sinusupotahan ito ng pag-aaral ni Misa (2021), na nagsasaad na mahina ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng artikulo, particular sa aspetong mekaniks at lohikal na organisasyon.

**b. Kakayahang panggramatika ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay sa Filipino**

| Blg. | Kakayahan | Blg. ng Respondente |
|---|---|---|
| 1. | Wastong paggamit ng mga salita tulad ng dito, rito, raw, daw, ng at nang. | 9 |
| 2. | Tamang paggamit ng bantas tulad ng gitling, panipi, at tuldok kuwit. | 17 |
| 3. | Pagbabaybay | 15 |
| 4. | Organisasyon ng mga pangungusap, at paglalahad ng karanasan | 13 |
| 5. | Paggawa ng panimula at kung paano wakasan ang isang sanaysay. | 16 |
| 6. | Paggamit ng sugpong (Indention) o margin. | 18 |
| 7. | Paggamit ng panghalip at wastong paggamit ng panlapi | 15 |
| 8. | Paggamit ng wastong ponemang patinig at katinig tulad ng (o at u) | 17 |
| 9. | Paggamit ng malaking titik at maliit na titik. | 19 |

Makikita sa talahanayan na may 19 respondente ang may kakayahan sa paggamit ng malalaki at maliliit na titik sa pagsulat ng sanaysay. Ngunit may 9 respondente lamang ang may kaalaman sa wastong paggamit ng mga salita tulad ng dito, rito, raw, daw, ng at nang. Nagpapatunay lamang mula sa pakikipanayam sa nasabing mga respondente, nabanggit nila ang kanilang kakayahang panggramatika sa pagsulat ng sanaysay, may mga nagsabing nagagamit nila nang wasto ang mga pananda sa pagpapahayag ng kilos sa pagbuo ng sariling pangungusap, may kakayahang makabuo ng sanaysay gamit ang tatlong bahagi nito (panimula, katawan, at wakas); at mabilis na makaisip o makagawa ng mga sunod-sunod na pangungusap kung tahimik o nasimulan na ang panimula. Pinapakita lamang na may kakayahan pa rin ang mga ito sa pagbuo ng sanaysay nang tamang gramatika lalo kung laging nakatutok o nakasubaybay ang mga guro sa pagkakatuto

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

ng kanilang tinuturuan. Upang lalong mapataas ang kakayahan ng mga mag-aaral sa gramatikang Filipino, iminumungkahi ni Misa (2021) ang pagbuo ng isang modyul tungkol sa gramatika bilang kagamitang pampagtuturo na makatutulong sa mga mag-aaral.

**3. Mga hamong nakaharap ng mga mag-aaral sa kakayahang panggramatika.**

Mula sa pahayag sa pakikipanayam sa mga respondente, sinasabing maglaan ng sapat na oras at tiyaga, at magsanay sa paggawa ng sanaysay; magsaliksik tungkol sa tamang paggawa ng sanaysay o ano ang mga teknik sa paggawa ng sanaysay; at masinsinang pagbasa upang mapalawak at mapalalim ang bokabularyo, paggamit din ng diksyunaryo para sa pagsasalin sa wikang Filipino sa wikang Ingles; at kung kailangan ay magsanay magpatuloy sa pag-aaral sa wastong paggamit ng mga salitang dito, rito, din, rin, ng, at nang; at magbasa ng mga halimbawa at pagsasanay upang mas mapalawak ang kaalaman sa wastong paggamit ng mga ito sa pagsulat ng sanaysay. Nangangahulugan lamang na malaki ang naitutulong ng mga hamong ito sa mga respondente upang pagsikapang pag-aralan o matuto sa wastong pagsulat nang may tamang gramatika. Imininumungkahi ayon kay Ibay (2020) mula sa kanyang pag-aaral iminumungkahi na sa lahat ng pagkakataon, pagsikapan na mapataas ang kakayahan sa gramatika ng mga guro at mag-aaral.

## IV. CONCLUSIONS

1. Halos katamtaman ang antas ng panggramatikang kakayahan ng mga mag-aaral, maliban sa paggamit ng bantas na nakakuha ng interpretasyong mahusay.
2. May ilang respondente na hindi gaanong maalam o mahina sa wastong paggamit ng gramatika.
3. Malaking hamon para sa mga mag-aaral ang masinsinang pag-aaral upang mapalawak ang kaalamang panggramatika.
4. Nabuo ang isang modyul sa gramatikang Filipino na naglalayong pagyamanin ang kakayahan ng mga mag-aaral sa tamang paggamit ng gramatika, batay sa mga natuklasang kahinaan at pangangailangan sa pag-aaral.

## V. RECOMMENDATIONS

1. Ipagpatuloy ang pagiging mapamaraan at malikhain sa pagtuturo ng gramatika sa Filipino.
2. Magbibigay-tuon sa mga mag-aaral upang matulungan silang malampasan ang kanilang pagkalito o kahinaan sa gramtika.
3. Gamitin bilang inspirasyon ang mga hamong nararanasan upang higit na mapalawak ang kaalamang gramatika.
4. Isumite ang nabuong kagamitang pampagtuturo para sa balidasyon, *readability* at pagtanggap.

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

## REFERENCES

[1] De Guzman at Abagon (2021) Kakayahan ng mga guro sa pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral sa Asignaturang Filipino ng senior high school. American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR)

[2] Albuñan, et al (2019) Ang antas ng kasanayan sa pagsulat ng sulatin ng dalawang grupo ng mag-aaral sa ikapitong baitang ng Nagpayong High School: https://www.academia.edu/36382562/

[3] Aniciete, L. (2019) Kasanayan sa gramatika sa pagsulat ng konseptong papel ng mga mag-aaral na e-gramatika: elektronikong modyul sa pagtuturo ng balarilang nasa grade 11 sa upland integrated national high school

[4] Barlaan at Javier (2020) Antas ng Kakayahan sa Pagsulat ng Sanaysay ng mga Senior High School Gamit ang Teknolohiya. Multidisciplinary Research Journal Vol 3, s. 2020

[5] De Los Reyes, A. (2021) karaniwang gramatikang pagkakamali sa pagsulat ng sanaysay tungo sa Lingguwistikong kasanayan mula sa https://eprajournals.com/IJSR/article/5481

[6] Gilana at Marbella (2023) E-Gramatika: Elektronikong modyul sa pagtuturo ng balarilang Filipino. International Journal of Research Studies in Education 12(8)

[7] Lopez, M. (2020) Kakayahang Diskurso ng mga Mag-aaral sa Kolehiyo sa Pagsulat ng Komposisyon". Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research, Vol. 8 No.2, 15-21

[8] Misa , R. (2021) Kakayahan sa Panggramatikang Filipino ng mga Mag-aaral ng Grade 9 Laboratory High School ng Ramon Magsaysay State University, AJSSR, Volume-5, Issue-10

[9] Resuello, M., & Funclara, R. (2021) Gramatikal na Kakayahan ng mga Mag-aaral sa Pagsulat sa Filipino. Dyornal ng Edukasyon at Araling Panlipunan

[10] Uriarte, V. (2019) Pagbuo ng modyul sa pagtuturo sa Filipino 7. Ascendens Asia Journal of Multidisciplinary Research Abstracts, 3(2F)

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved